

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay

Kagawarang ng Civil Engineering and Development

Ang Kagawaran ng Civil Engineering and Development (CEDD) ay naglalayong magbigay ng kalidad na mga serbisyong engineering upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng Hong Kong. Sa pamamagitan ng pagbabago at mga advanced na teknolohiya, kami ay nakatuon sa pagsusulong sa kapana-panatiling pag-unlad, pagbuo ng matitirahang lungsod at pagsisikap na makamit ang pangmatagalang kaunlaran sa Hong Kong. Ang CEDD ay nagbibigay ng malaking kahalagahan sa pagtiyak ng pantay-pantay na paglapit sa aming mga serbisyo ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Mayroong apat na pangunahing bahagi ang mga ibinibigay na serbisyo ng CEDD, ito ang, pagbibigay ng lupa at imprastruktura, mga serbisyong daungan at pandagat, mga serbisyong geoteknikal, at mga serbisyong pangkapaligiran at pagpapanatili.

Umiiral na Mga Panukala

- Ang impormasyon tungkol sa CEDD at aming mga serbisyo ay makikita sa websayt ng CEDD sa dalawang opisyal na wika ng Hong Kong (i.e. Tsino at Ingles). Sa karagdagan, ang mga polyeto/libretong nagbibigay kaalaman at aral ay inilathala rin sa parehong opisyal na wika para sa pamamahagi sa pangkalahatang publiko.
- Ang mga serbisyong pangkalahatang katanungan ay inihahandog sa Tsino at Ingles sa hotline at email ng pangkalahatang katanungan sa CEDD.

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap

- Ang mga katugunan/ mungkahi mula sa mga taong magkakaibang lahi ay itatala at isasaalang-alang.

- Ang paggamit ng hotline at email sa pangkalahatang katanungan sa CEDD ng mga taong magkakaibang lahi (i.e. Bahasa Indonesian, Nepali, Urdu, Punjabi, Tagalog, Thai, Hindi at Vietnamese) ay itatala at pananatiliing nakikita.

Mga Karagdagang
Panukalang Ipinatupad/
Ipatutupad

- Tutukuyin ng CEDD ang mga angkop na polyeto/libreto para sa pagsasalin sa mga pangunahing wika para sa mga taong magkakaibang lahi at sa pag-upload sa websayt ng CEDD.
- Magbibigay ang CEDD ng mga pangunahing wika sa mga taong magkakaibang lahi sa reception counter ng Gusali ng Civil Engineering and Development at/o sa ibang natukoy na mga service counter sa pamamagitan ng Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER) ng Hong Kong Christian Service at/o ng ibang mga tagabigay ng serbisyo batay sa pangangailangan.
- Ang mga karatula/ bandera/ sagisag para sa pagsasapubliko ng libreng Interpretasyong Pantelepono at Serbisyong Katanungan na inihahandog ng CHEER sa mga pangunahing wika para sa mga taong magkakaibang lahi, tulad ng, Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese, ay ipapakita sa counter at websayt ng CEDD upang malaman ng publiko ang serbisyong pangwika.
- Magbibigay ng pagsasanay ang CEDD sa mga kawani upang mapahusay ang kanilang pag-unawa at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa Technical Secretary/Punong Tanggapan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan (Mr. Stephen WAT) -

Telepono : 2762 5033
Fax : 2715 0211
Email : stephenwat@cedd.gov.hk
Postal Address : 13/F, Civil Engineering and Development Building, 101
Princess Margaret Road, Homantin, Kowloon

Kagawaran ng Civil Engineering and Development

Mayo 2023